Light Reading
Nobyembre / Disyembre 2019

HUWAG HAYAANG MAGING MALAMIG ANG PASKO!
Hindi kapani-paniwalang papalapit na ang taglamig! Bagaman nakaaapekto ang malalamig na temperatura sa inyong bill ng kuryente, mayroon kaming ilang mga tip para panatilihing mainit ang pakiramdam mo at ng iyong pamilya habang nagtitipid ng enerhiya.

Ibahin ang Pag-ikot ng Blade ng Inyong Bentilador sa Kisame
Kapag itinakda mong umikot pakanan ang mga blade ng inyong bentilador, kumakalat sa kuwarto ang pumapaitaas na mainit na hangin.

Painitin ang Inyong Mga Kuwarto sa pamamagitan ng Araw
Panatilihing nakabukas ang inyong mga kurtinang nakaharap sa timog at hayaang natural na painitin ng sinag ng araw ang inyong bahay. Huwag kalimutang isara ang mga ito sa gabi!

Magsuot ng Makapal!
Mas kaunti ang gastos at mas mabisa kapag nagsusuot ng makakapal na damit kapag lumalamig ang mga araw kumpara sa kung itataas mo ang iyong thermostat.

Isaalang-alang na Gumamit ng Smart Thermostat
Makakatulong ang smart thermostat sa iyo na makontrol at masubaybayan ang paggamit mo ng pampainit habang bumababa ang temperatura sa labas.

Para sa higit pang tip kung paanong hindi ginawin sa paparating na taglamig, bumisita sa powerlines.seattle.gov/stay-warm-this-winter.

Mga Pagbabago ng Rate
Epektibo mula Nob. 1, 2019, makakakita ang mga customer ng Seattle City Light ng pagbaba sa rate nang humigit-kumulang 0.5% sa average. Ang pagbabagong ito ay naipong epekto ng average na 1.9% kredito ng pagpasa ng halaga sa pamamagitan ng customer (passthrough credit) at ng 1.5% na pagtaas sa surcharge ng Rate Stabilization Account (RSA). Upang matuto pa tungkol sa mga pagbabagong ito, bumisita sa: powerlines.seattle.gov/rate-changes.

Handa ka na ba sa panahon ng bagyo sa taglamig?
Tingnan ang mga nangungunang tip mula sa aming mga partner sa Lungsod ng Seattle:
Mula sa Department of Transportation (Departamento ng Transportasyon) ng Seattle: Ngayon na ang panahon para tiyaking mayroon ka ng lahat ng kakailanganin mo sa panahon ng pagbagyo ng niyebe. Huwag kalimutan ang pala para sa niyebe, dahil legal na responsibilidad mong linisin ang mga bangketa sa tapat ng iyong gusali para ligtas na makadaan ang lahat.
Mula sa Seattle Public Utilities (Mga Pampublikong Utilidad ng Seattle): Walisin ang mga dahon sa iyong puwesto para panatilihing walang bara ang mga paagusan ng baha sa iyong lugar at makatulong sa pag-iwas sa pagbaha sa iyong kapitbahayan.
Para sa higit pang tip sa pagiging handa para sa bagyo, pumunta sa takewinterbystorm.org.

Nakumpleto na ng City Light ang Mga Pagpapabuti sa Mga Impraestruktura ng Ilaw sa Kalsada sa Montlake
Patuloy na ipinagbubuti ng Seattle City Light ang kaligtasan ng customer sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga ilaw sa kalsada sa aming pinagseserbisyuhang lugar mula sa mga ilaw na may mataas na presyon at gumagamit ng sodium patungo sa mga light-emitting diodes, o mga LED, na matipid sa enerhiya. Sinusuportahan ng mga bagong LED na ilaw ang kakayahang makakita nang madali at ang kaligtasan para sa mga naglalakad, nagbibisikleta, at nagmamaneho.

Nitong nakaraang taglagas, natapos ng mga kinontratang manggagawa ang anim na buwang proyekto para palitan ang nalulumang sistema ng ilaw sa daan sa lugar ng Shelby-Hamlin/Montlake. Pinalitan ng mga manggagawa ang mga nakakabit

na ilaw sa kalsada, poste, at impraestruktura sa ilalim ng lupa ng napapanahong kagamitan, batay sa opinyon ng komunidad. Magbibigay ang bagong sistema ng pinabuti at maaasahang pailaw para sa kapitbahayan. Matuto pa tungkol sa proyektong ito sa seattle.gov/light/atwork.

Mga Pagbabago sa Rebate

Simula noong 2007, nakipagtulungan ang Seattle City Light sa mga lokal na nagtitingi (retailer) para tulungan ang mga customer ng City Light na pumili ng mga produktong matipid sa enerhiya mula sa lugar ng pagbebenta sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga rebate sa mga appliance at mga instant na diskuwento sa mga produktong ilaw at showerhead. Bagaman tatanggalin namin ang aming mga programa ng rebate sa paglalaba, showerhead, at mga programa sa ilaw na matipid sa enerhiya sa pagitan ng Disyembre 31, 2019 at Enero 13, 2020, manatiling nakasubaybay para sa mga bagong aaluking programa sa 2020! Upang matuto pa, bumisita sa seattle.gov/appliances.

Inalok ng City Light ang mga rebate mula pa noong 2007, at sa pamamagitan ng inyong paglahok at suporta ng mga lokal na nagtitingi, nagkaroon tayo ng malaking epekto:

62,000 rebate sa mga na-redeem na appliance na sertipikado ng ENERGY STAR®

15 milyong instant na diskuwento sa mga bombilya ng ilaw na matipid sa enerhiya

44,000 instant na diskuwento sa mga showerhead

Taunang natitipid sa enerhiya na 270 milyong kilowatt-hour, na katumbas ng enerhiya na ginagamit ng 31,500 tahanan bawat taon

Pangkaligtasang Tip mula sa isang Eksperto

"Kung minsan, maaaring bumagsak ang mga linya ng kuryente dahil sa bagyo sa taglamig. Kung makakakita ka ng linya ng kuryente sa daan, palaging isiping may dumadaloy ritong kuryente. Lumayo dito nang hindi bababa sa 20 talampakan at tumawag sa 911."

Nagtatrabaho sa Inyong Komunidad

May mga tauhan ang Seattle City Light sa mga komunidad na ito na nagsisikap na magbigay ng maaasahang serbisyo:

Arroyo/South Arbor Heights: nag-i-install ng mga tubo sa ilalim ng lupa, vault, at poste ng ilaw upang palitan ang nalulumang impraestruktura;
Beacon Hill: pinapalitan ang mga luma nang posteng pang-utilidad, nakasabit na kable, at kagamitan upang makatulong sa pagpapahusay sa kasalukuyang sistema ng kuryente;
Downtown Seattle: pinapalitan ng LED ang mga makasaysayang globong poste ng ilaw;
Pioneer Square/SODO: pinapahusay ang pagkamaaasahan ng kuryente sa pamamagitan ng pag-install ng mga conduit sa ilalim ng lupa;
South Lake Union: nag-i-install ng pangkuryenteng vault sa ilalim ng lupa malapit sa Fairview Avenue North at Republican Street.

Hindi kompleto ang listahang ito. Para sa mga detalye, pumunta sa seattle.gov/light/atwork upang magkaroon ng access sa aming mapa at matuto tungkol sa mga indibidwal na proyekto.